



Determining the Morphological Similarity of Filipino and Ninorte-Samarnon Verbs

Rocel Melindo Bulan

Faculty, College of Education,
University of Eastern Philippines, University Town, Northern Samar

ABSTRACT

In this study, the morphology of the Ninorte-Samarnon verb, notably in its tree aspects, will be investigated. The moniker analysis, which does not involve statistics, was the research design used. The children in Kindergarten through third grade as well as the instructors who teach it served as the researcher's responders. At Allen Elementary School, researchers from Catarman Elementary School in the Central Area, Laoang Elementary School in the Pacific Region, and Balicuatro represented.

The researcher interviewed kids from Kindergarten for second grade while using a questionnaire for teachers who teach mother tongue and third graders to collect information. The researchers listed the respondents' vocal responses after asking them questions and receiving their questionnaire responses. The table made the verbs in each place and in each of its aspects, and the ones pertaining to the perfective, imperfective, and contemplative aspects are divided.

Key Words: *Ninorte-Samarnon, Waray, Salitang-Ugat, Morpolohiya, Pandiwa, Pananaliksik*

1. INTRODUCTION

Ang wika ay isa sa mahalagang bagay para sa mga tao. Dahil sa wika, maraming nagagawa at higit sa lahat ay nagkakaunawaan, dahil nagkakaunawaan ay may pagkakaisa, dahil may nagkakaisa nagiging mapayapa ang pamumuhay ng tao.

Ang bansang Pilipinas ang itinuturing na laboratoryo sa pag-aaral ng wika sapagkat iba't iba ang wika ng bawat pulo dito sa bansa. Maging dito sa Hilagang Samar iba-iba ang kahulugan ng isang salita sa ibang lugar. Katulad ng salitang umiyak, sa Catubig *tangis* pagdating sa Catarman ito ay *haya*. Ito'y ilan lamang sa mga patunay na maraming wika ang Pilipinas.

Kaya, hindi maipagkakaila na marami ang wika sa Pilipinas. Sa Gitnang Luzon, ang wika nila ay tinatawag na Tagalog, Kapampangan sa Pampanga, Iloko sa mga Ilokano. Hiligaynon sa Ilo-Ilo, Cebuano sa Cebu, Ninorte-Samarnon sa Hilagang Samar at marami pang iba.

Maraming nagkakainteres na pag-aralan ang wika ng bansang Pilipinas, katulad nalang sa Capul, Hilagang Samar. Dahil may turistang pumunta sa kanilang lugar napansin ng mga turistang ito na kakaiba ang kanilang wika sa mga lugar ng Hilagang Samar. Kaya't hindi nagdalawang-isip ang mga dayuhang ito na pag-aralan ang wika ng Capul.

Ang morpolohiya o palabuuan ay ang pag-aaral ng mga morpema ng isang wika at pagsasama-sama ng mga ito upang makabuo ng salita.¹ Sa morpolohiya matutukoy kung paano mabubuo ang mga salita upang matukoy ang tamang paggamit ng mga salita. Halimbawa, kung ang isang tao ay may nais iutos kapag sabihin lang na *laba* hindi maiintindihan kaagad ng taong uutusan.

Ang Wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino ayon sa Artikulo XV, seksiyon 3, talata 2 ng Konstitusyong 1973 ng Pilipinas. Ang Filipino ang wikang pambansa na hindi batay sa isang wika lamang kundi sa iba't ibang wika ng Pilipinas. Ito ay bukas sa lahat ng pagbabagong maaaring idulot ng pagpasok ng mga salitang galing sa mga banyagang wikang tulad ng Ingles, Espanyol, Nippongo at iba't ibang wika sa Pilipinas. Dahil sa mga ito, ang wikang Filipino ay isang wikang kusang nagbabago, kusang naiiba, natural, buhay, dinamiko, sinasalita at ginagamit ng sambayanan.

2. OBJECTIVES OF THE STUDY

Nilayon ng pag – aaral na ito na masuri ang morpolohiya ng pandiwang Ninorte – Samarnon bilang gabay sa pagtuturo.

1. masuri ang istruktura ng paglalapi at ang pag-uulit ng panlapi;
2. masuri ang istruktura ng pandiwang Ninorte – Samarnon kapag ito ay perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo;
3. matukoy ang pagkakapareho ng morpolohiya ng pandiwang Filipino at Ninorte – Samarnon;

3. METHODOLOGY

Pook ng Pag – aaral

Ang pag-aaral na ito ay sa Allen, Catarman at Laoang na kumakatawan sa tatlong rehiyon ng Hilagang Samar ang Balicuatro, Sentral at Pasipiko.

Ang Allen ang ikalimang klas na munisipyo ng Hilagang Samar. Batay sa 2010 na sensus, ito ay may 23, 738 na populasyon. Ang lalawigan ding ito ay daungan ng mga barko sa pagitan ng Samar at malaking pulo ng Luzon. Bago dumating ang mga Espanyol ang tawag sa lugar na ito ay Minapa-a at naging La Granja nang sakupin ng mga Espanyol. Tinawag na Allen ang lalawigan ito bilang pagbibigay ng karangalan sa Amerikanong Heneral na si Robert Allen sa pagkapanalo ng Espanyol-Amerikanong Digmaan.

Ang Catarman ang sentrong lalawigan ng Hilagang Samar. Ito ang may pinakamalaking lupa at populasyon sa buong Hilagang Samar. Ayon sa 2010 sensus, ito ay may populasyon na 84, 833, kilala rin ang Catarman pagdating sa komersiyo, edukasyon, mga opisina sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno at iba pa.

Ang Laoang ang ikalawang klas na munisipyo sa buong Hilagang Samar. Batay sa 2010 na sensus, ito ay may populasyon na 58, 037. Ang lalawigan ding ito ang sentro pagdating sa ekonomiya, edukasyon, sosyo-kultural sa Ikalawang Distrito ng Hilagang Samar. Ang Laoang ay binubuo ng tatlong bahagi, ang Samar Island, Laoang Island at Batag Island. Tinatayang 4.5% sa populasyon ng Hilagang Samar ang nagsasalita ng Cebuano, at kakaunti lamang sa Inabaknon ang nagsasalita a nakauunawa nito. Ang Ninorte-Samarnon ang tiya na marami ang may nakaaalam lalo na sa tatlong bahagi ng Hilagang Samar, sa Balicuatro, Sentral at Pasipiko.

Kasapi ng Pag – aaral

Ang mga kasapi sa gagawing pag-aaral ay ang 15 mag-aral mula Kindergarten hanggang Ikatlong Baitang na nag-aaral sa Allen, Catarman at Laoang at ang mga guro na nagtuturo rin sa Kindergarten hanggang sa Ikatlong Baitang. Bago kapanayamin at pasagutan ng talatanungan, tatanungin muna ang magiging impormante kung sila talaga ay nakatira sa Allen, Catarman at Laoang. Sapagkat may nag-aaral sa mga nabanggit na lugar na hindi naman taga roon.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pamamaraang ginamit ng pag-aaral na ito ay ang palarawang pagsusuri, lalo na ang pamamaraang surbey. Ang pamamaraang surbey ay dumadaan sa pakikipanayam o sa pagbibigay ng mga talatanungan upang masagutan ng mga impormante.

Ang palarawang pagsusuri na pananaliksik ay binigyang-kahulugan bilang malayuning proseso ng pagkalap, pagsusuri o pag-aanalisa, pag-uuri-uri at pagtatala ng mga datos tungkol sa nangingibabaw na kondisyon, mga pagsasanay, paniniwala, proseso, kalakaran at ang relasyon ng sanhi at bunga at ang paggawa ng wasto at sapat na interpretasyon tungkol sa mga datos nang walang tulong ng pamamaraang istadistikal.

Baryabol

Ang baryabol sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

Mga Pandiwang Ninorte-Samarnon (W_1). Ito ang mga koleksyon ng mga salitang susuriin.

Perpektibo. Nagsasaad ng kilos na tapos nang gawin.

Imperpektibo. Ito naman ay nagsasaad ng kilos na kasalukuyan pang ginagawa ang kilos.

Kontemplatibo. Nagsasaad ng kilos na gagawin pa lamang.

Paghahambing. Ito ay ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga konsepto. At upang maging mabisa ang paghahambing ito ay ginagamitan ng paglalarawan.

Pagsusuri. Ang pag-aanalisa sa mga bagay-bagay upang maintindihan ang nais palabasin.

Populasyon at Sampling

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng *quota sampling*. Ito ay binubuo ng 15 nag-aaral sa Kindergarten hanggang sa Ikatlong Baitang at mga guro na nagtuturo.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumentong ginamit ng mananaliksik ay ang sariling gawang talatanungan at panayam na ginamitan ng *tape recorder*. Ang talatanungan ay binubuo ng mga katanungang masasagutan ng mga impormante na may mga pandiwang gagamitin sa pag-aaral na ito.

Paraan sa Paglikom ng Datos

Sa pangangalap ng mga impormasyon sa pag-aaral na ito, ang sumusunod ang isinagawang paraan ng mananaliksik:

1. Pumili ng lugar kung saan sa Hilagang Samar naroroon ang grupo ng mga taong magiging impormante sa pag-aaral na ito.
2. Gumawa ng talatanungan ang mananaliksik na sasagutan ng mga impormante.
3. Matapos gumawa ng talatanungan, personal na pupuntahan ng mananaliksik ang mga lugar na napili para pasagutan ang talatanungan at magsagawa ng panayam.
4. Ang mga pandiwang nalikom sa mga kasagutang ibinigay ng mga impormante ay gagawan ng talaan, ilalagay sa talahanayan, susuriin at bibigyan ng interpretasyon.

4. DISCUSSION

Istruktura ng Paglalapi sa Ninorte-Samarnon

Ang paglalapi sa Filipino ay mayroong tinatawag na unlapi, paglalapi sa unahan ng salita; gitlapi, ito naman ang paglalapi sa gitna ng salita; hulapi, ang paglalapi sa hulihan ng salita; kabilaan, ang tawag sa paglalapi sa unahan at sa hulihan ng salita; at laguhan naman ang tawag ng paglalapi sa unahan, gitna at huluhan ng salita.

Sa mga salitang Ninorte-Samarnon, mayroon din tayong paglalapi sa mga salita lalo na sa mga salitang pandiwa sapagkat dito malalaman kung nasa anong aspekto ng pandiwa ang salita. Base sa lumabas na impormasyon mula sa mga impormante, ang paglalapi sa mga pandiwa ng Ninorte-Samarnon ay kadalasang nagaganap sa unahan at sa hulihan ng salita. At ang mga gamiting panlapi sa pag-uunlapi ng pandiwa ay ang mga unlaping *nag-*, *gin-*, *i-*, at *mag-*. Ilan sa mga pandiwang inunlapihan ng *nag-* ay ang sumusunod: *nag-aram*, *nag-alog*, *nagkarigo*, *nag-upay*, *nagsaribo*, *nagtutdo*, *nagsayaw*, *nag-obserba*, *nagbasa*, *nagliwan*. Ilan naman sa mga pandiwang may unlaping *gin-*: *ginbutong*, *gin-isan*, *ginbutang*, *ginluto*, *gin-aro*, *gintalbo*, *ginpakol*, *gintagan*, *gintimos*, *ginhulat*. Ang mga sumusunod ay mga pandiwang may unlaping *i-*:

isusulod, ipipilak, ilalapdos, isusumat, ikakadto, ipapahimo, iimdan, iuupod, ipipisar, itatanom. Ilan naman sa mga sumusunod ay ang mga pandiwang may panlaping *mag-*: *magsasabon*, *mag-aaram*, *magbabasa*, *magbabagaw*, *maglalakaw*, *maglilimogmog*, *magliliwan*, *magpipilak*, *mag-aaro*, *magtatanggal*. Ang karaniwang gamiting gitlapi sa Ninorte-Samarnon ay ang *-um-* at *-in-*. Ang sumusunod na pandiwa ay may gitlaping *-um-* tulad ng *lumusad*, *lumurop*, *lumukso*, *kumaon*, *kumaturong*, *kumupkop*, *kumuligi*, *kumanta*, *sumarok*, *bumitay*. Ilan naman sa mga pandiwang Ninorte-Samarnon na may gitlaping *-in-*: *kinadto*, *kinuskos*, *kinaon*, *pinilak*, *pinatay*, *linarga*, *ginawas*, *kinadi*, *tinulang*, *ginawas*. Ang gamitin naman na panlapi sa paghuhulapi ay ang hulaping *-an*, halimbawa: *balay-balayan*, *pangisdaan*, *languyan*, *sarukan*, *timusan*, *kaonan*, *lalaman*, *lalaman*, *lalaman*, *hugasan*, *limusan*. Mayroon ding paglalaping kabilaan sa Ninorte-Samarnon kadalasan ang panlaping *mag-*. *-an/han* tulad ng *magbalay-balayan*, *magtagutagan*, *magluto-lutuan*. Ang paglalaping laguhan sa Ninorte-Samarnon ay hindi kadalasang nagaganap.

1. Sa talahanayan sa itaas, ang mga nakasulat na pahilig ay mga panlaping ikinabit sa mga salitang-ugat.
2. Istruktura ng Pandiwang Ninorte-Samarnon Base sa Tatlong Aspekto ng Pandiwa
3. Sa pag-aanalisa ng mga pandiwang nakalap ng mananaliksik base sa tuntunin sa tatlong aspekto ng pandiwa. Sang-ayon sa mga tuntunin sa pagbubuo ng aspekto ng pandiwa na binanggit sa kaugnay na literatura ay ang mga sumusunod: Sa Aspektong Perpektibo; kapag ang pandiwa ay may inisyal na ponemang /m/, ang /m/ ay nagiging /n/. Ito'y kadalasang nagyayari sa Allen at minsan may gumagamit nito sa Laoang. Tunghayan ang mga halimbawa sa susunod na pahina:
4. Kapag ang pandiwa ay banghay sa *-um/um-*, ang anyong pawatas at aspektong perpektibo ay walang pagkakaiba. Ito naman ay kadalasang ginagamit sa Allen, Catarman at Laoang.
5. Kung ang pandiwang banghay sa *-in/-hin* sa Filipino ay nagiging "ni" ang unang pantig, sa Ninorte-Samarnon gitlapi pa rin ito. At ito ay ginagamit din sa Allen, Catarman at Laoang.
6. Sa Aspektong Imperpektibo, katulad din sa perpektibo ngunit sa aspektong ito, ang unang pantig ng pandiwa ang inuulit. At ito ay kadalasang nangyayari sa Allen at minsan naman sa Laoang.

7. Samantala sa Aspektong Kontemplatibo, katulad din sa anyong pawatas ngunit uulitin lamang ang unang pantig ng pandiwa. Ang tanging taliwas ay ang banghay sa -um/-um- ay nawawala sa aspektong ito. Sa Allen, Catarman at Laoang, karaniwang ginagamit ang ganitong uri ng banghay sa aspektong ito.
8. Pagkakapareho ng Pandiwang Ninorte-Samarnon at Filipino
9. Ang sumusunod ay ilan sa mga pagkakapareho ng pandiwang Ninorte-Samarnon at Filipino base sa tatlong aspekto ng pandiwa, at ito ay sinangayunan base sa mga nabanggit na tutunin sa pagbubuo ng aspekto ng pandiwa sa Filipino: Sa aspektong perpektibo kapag ang anyong pawatas ng pandiwa ay nagsisimula sa /m/, ito ay nagiging /n/. Katulad din sa paglalapi, ang panlaping magay magiging nag- na rin. Subalit, may mga salita o panlaping ma- lang at na- pero iyon ay nangangahulugang mag- o nag- na rin. Ang ganitong uri ng istruktura ay nagaganap kadalasan sa Allen, sa Laoang mayroon ding nagaganap na ganito ngunit kakaunti lamang ang gumagamit nito.
10. Sa aspektong imperpektibo naman, kapag ang anyong pawatas ng pandiwa ay nagsisimula sa /m/, ito ay nagiging /n/ ngunit uulitin ang unang pantig ng pandiwa. Ang tuntuning ito ay karaniwan ding nangyayari sa Allen at minsan lamang sa Laoang.
11. Sa aspektong kontemplatibo, tulad sa anyong pawatas subalit uulitin din ang unang pantig ng pandiwa. Ito'y nagaganap sa Allen at kadalasan sa Laoang.
12. Sa aspektong perpektibo, kapag ang pandiwa ay banghay sa -um- katulad lang sa anyong pawatas. Ito'y nagaganap sa Allen, Catarman at Laoang.
13. Kung sa Filipino, may nabubuon pandiwa na panlaping i- + pandiwa, mayroon din sa mga pandiwa ng Ninorte-Samarnon. Ito ay karaniwang nagaganap sa aspektong kontemplatibo sa Catarman at Laoang.
14. Sa aspektong kontemplatibo, kung sa Filipino may nabubuon pag-uulit sa unang pantig lamang ng pandiwa at hindi nilalapian, kapag isinalin sa Ninorte-Samarnon ganoon din ang istruktura, lalong-lalo na sa Catarman at Laoang.
15. Ang talaan ay nagpapakita ng pagkakapareho ng mga pandiwang nakalap mula sa Allen Central

Elementary School, Catarman Central Elementary School at sa Laoang Central Elementary School. Ang makikitang mga salitang nasa loob ng panaklong sa talahanayan ay mga pandiwang nasa anyong pawatas sa Ninorte-Samarnon. At ang may markang asterisk ay mga salitang mula sa mananaliksik. At ang unang tuntuning nabanggit ay para lamang sa Allen at minsan naman sa Laoang. Ngunit nilagyan pa rin ng mananaliksik ang talahanayan na para sa Catarman. Dahil sa kadahilanang nais ipakita ng mananaliksik kung anong mga salita ang katulad at hindi pareho ang ginagamit na mula sa Allen at Laoang. Subalit, base sa talahanayang ipinakita, halos magkakapareho ang mga salitang ginagamit sa Catarman at Laoang, sa Allen may ilan namang mga salitang parehas lang din at mayroon din namang ibang salita ang gamit sa Allen kumpara sa Catarman at Laoang.

5. SUMMARY AND CONCLUSION

Lagom

Ang paglalapi sa mga pandiwa ay hindi nawawala lalo na kung ito ay nasa tatlong aspekto ng pandiwa dahil dito malalaman kung ang partikular na kilos ay nasa apektong perpektibo, imperpektibo at kontemplatibo. Sa lumabas na resulta, karaniwang nagaganap ang paglalapi sa unahan at sa hulihan at ito ay tinatawag na pag-uunlapi at paghuhulapi. Sa mga pandiwang Ninorte-Samarnon ang gamiting mga unlapi ay *mag-*, *nag-*, *gin-*, *i-* at iba pa. Samantala, ang mga gamiting hulapi sa Ninorte-Samarnon ay *-an*, *-on* at iba pa.

Ang ilan sa pagkakapareho ng pandiwang Ninorte-Samarnon at Filipino ay ang mga sumusunod: a) Sa aspektong perpektibo kapag ang anyong pawatas ng pandiwa ay nagsisimula sa /m/, ito ay nagiging /n/. Ito ay nagaganap kadalasan sa Allen, sa Laoang mayroon ding nagaganap na ganito ngunit kakaunti lamang ang gumagamit nito. b) Sa aspektong imperpektibo naman, kapag ang anyong pawatas ng pandiwa ay nagsisimula sa /m/, ito ay nagiging /n/ ngunit uulitin ang unang pantig ng pandiwa. Ang tuntuning ito ay karaniwan ding nangyayari sa Allen at minsan lamang sa Laoang. c) Sa aspektong kontemplatibo, tulad sa anyong pawatas subalit uulitin din ang unang pantig ng pandiwa. Ito'y nagaganap sa Allen at kadalasan sa Laoang. d.) Sa aspektong perpektibo, kapag ang pandiwa ay banghay sa -um- katulad lang sa anyong pawatas. Ito'y nagaganap sa Catarman at Laoang. e) Kung sa Filipino, may nabubuon pandiwa na panlaping i- + pandiwa, mayroon din sa mga pandiwa ng Ninorte-Samarnon. Ito ay karaniwang nagaganap

sa aspektong kontemplatibo sa Catarman at Laoang. f) Sa aspektong kontemplatibo, kung sa Filipino may nabubuong pag-uulit sa unang pantig lamang ng pandiwa at hindi nilalapian, kapag isinalin sa Ninorte-Samarnon ganoon din ang istruktura, lalong-lalo na sa Catarman at Laoang. g) May mga pandiwang Ninorte-Samarnon na kapag isalin sa Filipino katulad din ang katumbas. Nangyayari ito sa Allen, Catarman at Laoang. Ang mga pagkakaparehong nabanggit ay ilan din sa mga tuntuning nabanggit sa pagbubuo ng tatlong aspekto ng pandiwa sa Filipino.

Konklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod ang nabuong konklusyon:

Sa paglalapi ng mga pandiwa, ang paglalapi ay karaniwang nagaganap sa unahan at sa hulihan. Ngunit ang kadalasan ay ang pag-uunlapi at may mga pag-uulit sa unang pantig ng pandiwa.

Sa istruktura ng pandiwa base sa tatlong aspekto sa Ninorte-Samarnon ito ay may pagkakatulad at kakaunti lamang ang pagkakaiba. At sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral at mga guro ay hindi mahihirapan sa pag-unawa at pagtuturo dahil hindi malayo ang pinagkaiba sa Filipino.

Sa pangangalap ng mananaliksik, maraming nakuhang pandiwa sa pakikipanayam sa mga respondente na mga mag-aaral sa *Kindergarten* hanggang Ikalawang Baitang, at iilan lamang na pandiwa ang nakuha sa talatanungan dahil iilan lang din ang sumagot dahil mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang at mga guro na nagtuturo sa *Mother Tongue* sa Allen Elementary School ng Balicuatro, Catarman Central School sa Central na rehiyon at sa Laoang Central Elementary School naman sa Pasific na rehiyon. Batay sa ginawang pag-aaral, maging sa tatlong rehiyon ng Hilagang Samar ay may pagkakaiba-iba rin sa mga salitang ginagamit. Isang patunay ay ang pandiwang “magsasaing,” sa Balicuatro ito at *magsusugna*; sa Sentral ito ay *magtutug-on*; sa Pasipiko ay *maghahagkaon* ngunit may gumagamit din ng *magtutug-on*.

Hindi naging mahirap ang pagsasalin ng pandiwang Ninorte-Samarnon sa Filipino sapagkat ang dalawang wikang ito ay halos magkapareho ang katangian. At may mga salitang Ninorte-Samarnon na katulad ang katumbas sa Filipino tulad ng salitang Ninorte-Samarnon na *nagbasa* sa Filipino ito ay *nagbasa* rin. May mga salita naman na iisang titik lamang ang pinagkaiba kapag isinasalin sa Filipino. Tulad ng salitang Ninorte-Samarnon na *nag-aram* sa Filipino

ito ay *nag-aral*, ang huling titik lamang ng salita ang pinagkaiba.

Ang pandiwang Ninorte-Samarnon katulad sa Filipino ay may tatlong aspekto rin ng pandiwa, ang aspektong perpektibo (pangnakaraan) na kung saan ito ay tumutukoy sa mga kilos na tapos nang gawin, aspektong imperpektibo (pangkasalukuyan) ito naman ay tumutukoy sa mga kilos na kasalukuyang ginagawa ang kilos at aspektong kontemplatibo (panghinaharap) gagawin pa lamang ang kilos. Maging sa istruktura o pagbubuo ng mga salita kung anong aspekto ng pandiwa ay halos magkatulad din, kung ang anyong pawatas ay nagsisimula sa /m/ ang pandiwang paerpektibo ay nagiging /n/ partikular sa Allen. Sa pandiwang imperpektibo, katulad din sa aspektong perpektibo ngunit sa aspektong ito, ang unang pantig ng pandiwa ay uulitin. Sa pandiwang kontemplatibo naman, katulad naman sa anyong pawatas, subalit uulitin din ang unang pantig ng pandiwa kapag sa Allen. Ngunit, pagdadating sa Catarman at Laoang ang anyong pawatas na nagsisimula sa /m/ ito ay nagiging pag-. Iilan pa sa pagkakatulad ng pandiwang Ninorte-Samarnon at Filipino ay kung sa Filipino, may nabubuong pandiwa na panlaping i- + pandiwa, mayroon din sa mga pandiwa ng Ninorte-Samarnon. Ito ay karaniwang nagaganap sa aspektong kontemplatibo. Sa aspektong kontemplatibo, kung sa Filipino may nabubuong pag-uulit sa unang pantig lamang ng pandiwa at hindi nilalapian, kapag isinalin sa Ninorte-Samarnon ganoon din ang istruktura. Ang ilan sa pagkakaiba ay kapag ang pandiwa ay nasa banghay na -in-, ito’y nananatiling gitlapi. Hindi tulad sa pandiwa ng Filipino na may nagaganap na paglilipat ng panlapi ang panlaping /-in/ ay nagiging /ni/. May mga pandiwang Ninorte-Samarnon na binubuo ng panlaping gin- + pandiwa. Kapag isalin sa Filipino, ang panlaping gin- ay nagiging gitlaping -in-. Sa Ninorte-Samarnon, hindi gaanong gamitin ang mga pandiwang nasa banghay na -an/-han. Ang panlaping *nag-* at *gin-* ang palaging ginagamit sa Ninorte-Samarnon. May mga pandiwang Ninorte-Samarnon na nasa banghay na panlaping *nag-* ngunit kapag tinumbasan sa Filipino ang banghay ng pandiwa ay sa panlaping -um-.

Sa bahagi naman sa pagsasagot sa mga katanungan ng mga mag-aaral, hindi kaagad nakukuha ang sagot na dapat ay sa aspektong imperpektibo. Ang kadalasang isinasagot ay nabibilang sa perpektibo o kontemplatibo. Kaya, mas maraming pandiwang perpektibo at kontemplatibong nakalap kaysa sa imperpektibo.

Sa pag-aanalisa ng mananaliksik, sa tatlong aspekto ng pandiwa hindi mahihirapan sa pag-unawa ang mga mag-aaral sa pagtuturo ng pandiwa sa *Mother Tongue* sapagkat halos magkapareho lamang sa mga tuntunin kung paano nabuo ang mga pandiwa base sa tatlong aspekto nito. Mayroon mang pagkakaiba ngunit iilan lamang. Kadalasang nagkakaiba sa pagtutumbas sa mga panlapi. Ang karaniwang gamitin na panlapi sa Ninorte-Samarnon ay ang mga panlaping *nag-* at *mag-* na kung saan kapag isalin sa Filipino ang mga panlaping nabanggit ay parehas lang.

6. RECOMMENDATIONS

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod na rekomendasyon:

1. Magkaroon pa ng masusing pag-aaral sa wikang Ninorte-Samarnon at Filipino sa iba pang bahagi ng panalita.
2. Magkaroon din ng hambingang pag-aaral tungkol sa pandiwa sa iba't ibang wikain sa Samar.
3. Ang mga gurong nagtuturo ng Mother Tongue na hindi lumaki o taga-Hilagang Samar ay dapat pag-aralan ang Ninorte-Samarnon upang mapadali ang pagtuturo sa mga mag-aaral.
4. Kailangang magkaroon ng hambingang pag-aaral tungkol sa mga diyalekto ng Hilagang Samar.
5. Magbigay ang mga guro ng pagsasanay sa pagsagot nang naayon sa katanungan ng mga mag-aaral, lalo na sa istruktura ng pandiwa base sa tatlong aspekto o maging sa iba pang bahagi ng panalita sa Hilagang Samar

7. REFERENCES

- [1] Arrogante, J. A. (2014). *Ugnayan: Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Mandaluyong City: National Bookstore.
- [2] Baldoza, M. O. (2011). "Mga Pang-uring Gamitin ng mga Mag-aaral sa Ninorte-Samarnon at Filipino: Isang Pagsusuri at Paghahambing." Di-Nailathalang Tesis sa Masteral, Pamantasan ng Silanganing Pilipinas, Catarman, Hilagang Samar.
- [3] Bato, M. L. (2012). "Kakayahan sa Paggamit ng Pang-abay sa mga Sanaysay na Isinulat ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Taon ng Cawayan Integrated School." Di-Nailathalang Tesis sa Masteral, Pamantasan ng Silanganing Pilipinas, Catarman, Hilagang Samar.
- [4] Baylon, T. P. (1990). "Mga Pokus ng Pandiwa ng Wikang Iloko at Filipino." Di-Nailimbag na Tesis sa Masteral, MLQU.
- [5] Calderon, J. F. (1985). *Methods of Research and Thesis Writing*. Manila: National Bookstore.
- [6] Castillo, MJ. A. (2008). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Manila: Booklore Publishing Corporation.
- [7] Cerbito, L. M. (2010). "Narrative Structure of Male and Female Discourses in Ninorte-Samarnon Dialect: Implications for the Teaching of Speaking and Writing." Di-Nailathalang Tesis sa Masteral, Pamantasan ng Silanganing Pilipinas, Hilagang Samar.
- [8] Estefa, L. R. (2011). "Ang Wikang Pambansa ng Pilipinas," mula sa *The Modern Teacher*. 60(3), 122-123.
- [9] Gahite, P. C. (2014). "Kinagisnang Wika: Pamana ng Bansa (Mother Tongue)," mula sa *The Modern Teacher*. 63(3), 110-111.
- [10] Giray, C. M. (2004). "Higit na Gamiting Anyo ng mga Salita sa Pagtuturo at Pagkatuto sa Filipino." Di-Nailathalang Tesis sa Masteral, Pamantasan ng Silanganing Pilipinas, Hilagang Samar.
- [11] Kahuluganngpagsusuri kinuha sa <https://tl.wikipedia.org/wiki/Pagsusuri>, February 12, 2016 7:55:25 AM
- [12] Kahuluganngpandiwa kinuha sa <https://www.google.com.ph>, February 13, 2016 8:29:15 PM
- [13] Krashen, S. Theory Of Second Language Acquisition kinuha sa [https://en.wikipedia.org/wiki/Theories of second-language acquisition](https://en.wikipedia.org/wiki/Theories_of_second-language_acquisition). February 13, 2016 8:40:07 PM
- [14] Libunao, L. L. (2008). *Sining ng Pakikipagtalastasan*. Manila: Rex Bookstore.
- [15] Lim, M. M. (2013) "Paghambing na Pagsusuri ng mga Alomorp ng Morpema sa Filipino at Ninorte-Samarnon: Implikasyon sa Pagtuturo ng Filipino." Di-Nailathalang Tesis sa Masteral, Pamantasan ng Silanganing Pilipinas, Hilagang Samar.
- [16] Marcial, F. B. (2006). "Paghahambing ng Morpema ng Wikang Filipino at Wikang Sama."

- Di-Nailathalang Tesis sa Masteral, Philippine [21] Normal University.
- [17] Northern Samar - Wikipedia, the free encyclopedia: kinuha sa https://en.wikipedia.org/wiki/Northern_Samar, Friday, February 12, 2016 6:16:37 AM
- [18] Patilan, J. C. (2010). "Mga Kakayahan sa Paggamit ng Pandiwa at Pang-uri sa mga Isinulat na Komposisyon ng mga Mag-aaral sa Sanayan ng Mataas na Paaralan ng Pamantasan ng Silanganing Pilipinas, Catarman, Hilagang Samar.
- [19] Pawatas na pandiwa | Samut-samot kinuha sa <http://samutsamot.com/tag/pawatas-na-pandiwa/> February 12, 2016 6:25:07 AM
- [20] Rubin, L. T. (2006). *Retorika, Wikang Filipino at Sulating Pananaliksik*. Manila: Rex Bookstore.
- [21] Rubio, E. S. (1998). "Isang Palarawang Paghahambing at Pagsusuri ng mga Pandiwa sa Ninorte-Samaron: Mga Implikasyon sa Pagtuturo ng Filipino. "Di-Nailathalang Tesis sa Master sa Sining at Wika, Pamantasan ng Silanganing Pilipinas, Catarman, Hilagang Samar.
- [22] Santiago, A. O. (2003). *Makabagong Balarilang Filipino*. Manila: Rex Bookstore.
- [23] Santiago, E. M. (1988). *Ang Sining ng Pakikipagtalastasan ng Kolehiyo*. Mandaluyong City: National Bookstore.
- [24] Tanawan, D. S. (2004). *Sining ng Mabisang Komunikasyon*, Bulacan: Trinitas Publishing Inc.

